## Mga Paraan ng Pakikipag-usap sa mga NGO na Nagpapatakbo ng mga Pangkat ng Panandaliang Serbisyo ng Tulong na Pagkain
## Contact Means of the Operating NGOs of the Short-term Food Assistance Service Teams

| Operator | District(s) Served | Enquiry Phone No. | Address |
|---|---|---|---|
| St. James' Settlement | Central and Western, Southern, Eastern, Wan Chai and Islands | 2596 2746 | 6/F, 85 Stone Nullah Lane, Wan Chai, Hong Kong |
| Hong Kong Sheng Kung Hui Welfare Council Limited | Kowloon City and Yau Tsim Mong | 2336 2238 | Unit 1203, 12/F, Peninsula Square, 18 Sung On Street, Hung Hom, Kowloon |
| Kwun Tong Methodist Social Service | Kwun Tong | 2342 2322 | Unit 1014, 10/F, Chevalier Commercial Centre, 8 Wang Hoi Road, Kowloon Bay, Kowloon |
| Hong Kong Christian Service | Sham Shui Po | 2631 6088 | Units 1301-1303, 13/F, Celebrity Commercial Centre, 64 Castle Peak Road, Sham Shui Po, Kowloon |
| Yan Oi Tong Limited | Wong Tai Sin and Sai Kung | 2320 4007 | Rooms 106-107, 1/F, Fung Tak Estate Community Centre, 111 Fung Tak Road, Diamond Hill, Kowloon |
| Hong Kong Sheng Kung Hui Welfare Council Limited | Tsuen Wan, Kwai Tsing and Tuen Mun | 2668 8708 | Room 1923, 19/F, Tuen Mun Central Square, 22 Hoi Wing Road, Tuen Mun, New Territories |
| Po Leung Kuk | Yuen Long | 2658 1511 | Units 1206-1208, 12/F, Kwong Wah Plaza, 11 Tai Tong Road, Yuen Long, New Territories |
| Hong Kong Women Development Association Limited | Sha Tin, Tai Po and North | 2660 5543 | Units 5-7, G/F, Tai Wing House, Tai Yuen Estate, Tai Po, New Territories |

Mangyaring sumangguni sa website ng SWD para sa pinakahuling impormasyon

Please refer to SWD website for the latest information

http://www.swd.gov.hk

August 2025

North District · Kwai Tsing District · Islands District · Yau Tsim Mong District · Wong Tai Sin District · Sham Shui Po District · Kwun Tong District · Kowloon City District · Wan Chai District · Southern District · Eastern District · Central and Western District · Yuen Long District · Tuen Mun District · Tsuen Wan District · Tai Po District · Sha Tin District · Sai Kung District

社會福利署
Social Welfare Department

# Pangkat ng Panandaliang Serbisyo ng Tulong na Pagkain
# Short-term Food Assistance Service Teams
(Tagalog version)



## Service Description
## Pagsasalarawan ng Serbisyo

Inatasan ng Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan (SWD) ang mga di-pampamahalaang organisasyon na magpatakbo ng 8 Pangkat ng Panandaliang Serbisyo ng Tulong na Pagkain (STFASTs) upang tulungan ang mga indibidwal at pamilyang nahihirapang makaraos sa kanilang pang-araw-araw na gastos sa pagkain sa buong teritoryo. Karaniwang makakatang-gap ang mga gumagamit ng serbisyo ng pagbibigay ng pagkain nang minsan lamang at ng mga coupon para sa mainit na pagkain sa loob ng hindi lalagpas sa walong linggo.

The Social Welfare Department (SWD) has commissioned non-governmental organisations to operate 8 Short-term Food Assistance Service Teams (STFASTs) to help individuals and families who have difficulties in coping with their daily food expenditure throughout the territory. Service users normally receive one-off in-kind food as well as food and hot meal coupons for a period not exceeding eight weeks.

## Target Groups
## Mga Tukoy na Grupo

Mga indibidwal o pamilyang nahihirapang makaraos sa kanilang pang-araw-araw na gastos sa pagkain, kasama na ang mga walang trabaho, mga mababa ang sahod, mga bagong dating, mga natutulog sa lansangan at pati na rin ang mga nakakaranas ng biglang pagbabago o humaharap sa agarang pinansyal na paghihirap, atbp. Hindi lalagpas ang buwanang kita at kabuuang halaga ng mga ari-arian ng mga aplikante at mga miyembro ng sambahayan sa itinakdang hangganan ng Panandaliang Serbisyo ng Tulong na Pagkain. Hindi isasama ang mga pag-aaring tinitirhan mismo sa pagkakalkula ng mga hangganan ng ari-arian.

Individuals or families who have difficulties for coping their daily food expenditure, including the unemployed, low-income earners, new arrivals, street sleepers, as well as those encountering sudden change and facing immediate financial hardship, etc. The monthly income and total value of the assets of the applicants and household members shall not exceed the prescribed limits of the Short-term Food Assistance Service. Self-occupied properties are excluded from the calculation of the asset limits.

## Application Procedures
## Mga Pamamaraan ng Aplikasyon

Maaaring tawagan ng mga aplikante ang mga STFAST ayon sa lugar na tirahan at ibigay sa mga STFAST ang kanilang pagkakakilanlan, patunay ng tirahan at pinansyal, atbp. para sa pagtatasa ng pagiging kwalipikado.

Applicants may contact the STFASTs according to their place of residence and provide the STFASTs with identification, residential and financial proof, etc. for eligibility assessment.

### Buwanang Kita at mga Hangganan ng Ari-arian ng mga STFAS
### Monthly Income and Asset Limits of the STFAS :

Para sa buwanang kita at mga hangganan ng ari-arian ng Panandaliang Serbisyo ng Tulong na Pagkain, mangyaring bumisita sa website ng SWD.

For the monthly income and asset limits of the Short-term Food Assistance Service, please visit SWD Website.

Website : https://www.swd.gov.hk/

### Kasama sa kita ng sambahayan ang
### Household incomes include :

Mga sahod (pagkatapos ibawas ang sapilitang ambag ng mga manggagawa sa mga Mandatory Provident Fund Schemes), mga bayad na natanggap para sa mga ibinigay na serbisyo, kita mula sa negosyo, kita mula sa pagpapaupa, atbp.

Wages (after deducting employees' mandatory contribution to Mandatory Provident Fund Schemes), fees received for services rendered, profits from business, rental income, etc.

### Kasama sa mga ari-arian ng sambahayan ang
### Household assets include :

Lupa, pag-aari (hindi kasama ang mga pag-aaring tinitirhan mismo), mga sasakyan/sa-sakyang pantubig, mga lisensya ng taksi/pampublikong light bus, mga pamumuhunan, mga hati/gawain sa negosyo, mga deposito/salapi sa bangko, atbp.

Land, properties (excluding self-occupied properties), vehicles/vessels, taxi/public light bus licences, investments, shares/business undertakings, bank deposits/cash, etc.

### Mga halimbawa ng nakadokumentong pinansyal na patunay
### Examples of documentary financial proof :

| Kita ng sambahayan<br>Household incomes | Mga ari-arian ng sambahayan<br>Household assets |
|---|---|
| • Mga pay slip<br>Pay slips<br>• Mga resibo ng sahod<br>Salary receipts<br>• Mga kontrata ng trabaho<br>Employment contracts<br>• Mga sertipiko ng kita mula sa mga pinagtatrabahuhan<br>Certificates of income from employers | • Mga pahayag ng bangko (bank statement) o passbook<br>Bank statements or passbooks<br>• Mga pahayag ng pamumuhunan<br>Investment statements<br>• Mga dokumento ng rehistrasyon ng sasakyan/sasakyang-pantubig<br>Vehicle or vessel registration documents |